Guidelines para sa Application ng mga Mag-aaral sa SY 2021-2022

Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School

1. Mga kailangang katangian

Mga batang tumutupad sa lahat ng sumusunod na (1)～(3).

(1) Mga batang tumutupad sa isa sa mga sumusunod na ① o ②.

①Mga batang magtatapos ng elementary o paaralan katumbas nito (tatawaging "elementary" mula dito) sa Marso, 2021.

②Mga batang hindi nakarehistro sa elementary at ipinanganak mula noong Abril 2, 2008 hanggang noong Abril 1, 2009.

(2) Mga batang nais mag-aral sa paaralang ito ng tuluyang 6 na taon at tumutupad sa isa sa mga sumusunod na ①～③.

①Mga dayuhang bata na hindi pa sapat ang kakayahan sa wikang Hapon at kaalaman tungkol sa kultura ng Hapon, na pumasok sa bansang Hapon noong Abril 1, 2015 o mas kamakailan lamang, at walang nasyunalidad ng bansang Hapon. (tatawagin ito na "grupo ①")

②Mga batang walang-tigil na tumira sa ibang bansa nang isang taon o higit pa at bumalik sa bansang Hapon noong Abril 1, 2015 o mas kamakailan lamang. (tatawagin ito na "grupo ②")

[Mga tumira sa ibang bansa dahil sa trabaho atbp ng magulang/guardian].

③Mga batang nakakaintindi ng layunin ng edukasyon ng paaralang ito at naghahangad na manirahan o mag-aral sa ibang bansa sa kinabukasan kaya malakas ang pagnanais na makapasok sa paaralang ito. (tatawagin ito na "grupo ③")

(3) Mga batang tumitira sa loob ng lugar na sakop ng maaaring pumasok sa paaralan kasama ang magulang/guardian [Ang magulang/guardian ay taong may 'shin ken' (karapatan ng magulang / parental authority) sa bata. Kung walang taong may 'shin ken' (karapatan ng magulang / parental authority) sa bata, ang kanyang magulang/guardian ay ang 'koh ken nin' (tagapag-alaga).] [Kung may di-pangkaraniwang kalagayan tulad ng nakatira sa labas ng Hyogo Prefecture (kasama dito ang ibang bansa) sa panahon ng pag-apply, tignan lamang ang "**5. paraan ng application - (4)**".]

2. Bilang ng tatanggapin: 80 mag-aaral　(Bilang ng tatanggapin sa bawat grupo: ①30 ②30 ③20)

3. Lugar ng tirahan ng mga mag-aaral: Buong Hyogo Prefecture

4. Paghiling ng mga dokumento para sa application atbp.

(1) **Paghiling ng mga dokumento para sa application**

Magpadala ng kahilingan ang guardian ng aplikante sa Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School sa koreo. Sumulat ng "Paghiling ng mga dokumento para sa pag-apply" sa harapan ng sobre na gamit ay pulang tinta, at maglakip ng katugong sobre [ang laki ay 'kaku 2 goh' (katumbas ng A4 size), dikitan ng ¥140 stamp at isulat ang inyong tirahan at pangalan]. Kung "grupo ②" kayo, sumulat ng 'kikoku' (balik galing sa ibang bansa) sa harap ng katugong sobre na gamit ay pulang tinta. Pagpadala namin ang mga dokumento, ilalakip ang form ng "Sertipikong nagpapatunay ng pagtira sa ibang bansa". Kung mag-aapply mula sa labas ng Hyogo Prefecture at lilipat sa loob ng Hyogo Prefecture o kaya nakatira sa Hyogo Prefecture ngunit mag-aapply mula sa elementary na nasa labas ng prefecture, sumulat ng isa sa 'kengai', 'kaigai (paaralan ng ibang bansa)' at 'kaigai (paaralan ng bansang Hapon)' sa harap ng katugong sobre na gamit ay pulang tinta. Pagpadala namin ang mga dokumento, ilalakip ang form ng "Application form para sa pahintulot upang mag-aapply (approval for application)".

Kung kailangan ang salin ng mga ipapadalang dokumento, sumulat ng 'wika' ng inyong kailangan sa harap ng katugong sobre na gamit ay lapis.

Tatanggapin ang paghiling ng mga dokumento para sa application mula sa Nobyembre 24 (Martes), 2020. Dahil sa katayuan ng tanggappan ng paaralan, hinihiling na hanggang maaari ibigay lamang ng kahilingan hanggang Disyembre 11 (Biyernes).

(2) **Paghiling sa elementary school mula sa magulang/guardian**

Humiling sa punong guro ng elementary school ang magulang/guardian ng aplikante na gumawa ng mga sumusunod na mga dokumento at tumanggap ng mga dokumento upang mag-apply sa nakatakdang panahon 5-(1) sa punong guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School.

①Sulatan ang mga kinakailangang sulatang puwang sa application form at ID para sa iksamen, at dikitan ng litrato ang application form. Pagkatapos, ipasa ito sa elementary school at humiling na sulatan ang puwang para sa kapayagan ng punong guro. Kunin matapos masulatan ang mga dokumento.

②Humiling sa elementary school na gumawa ng Sulat ng Rekomendasyon at kunin ng ginawa nila. Dapat nakasara nang husto ang sobre na tatanggapin.

5. Paraan ng pag-apply

(1) Panahon ng pagtanggap ng mga applications

Ipasa ng magulang/guardian ng aplikante ng mga dokumento atbp na nakasulat sa sumusunod na (2) atbp sa punong guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School mula Enero 12, 2021 (Martes) hanggang Enero 15, 2021 (Biyernes) sa pagitan ng oras 9:00 ~ 16:30 [ngunit sa loob ng 9:00 ~ 12:00 lamang sa huling araw Enero 15 (Biyernes)]. Huwag ipadala ang mga dokumentong ito sa koreo. ※Kapag hindi magulang/guardian ng aplikante ang papasa ng mga dokumento, kailangan ang power of attorney.

(2) Mga dokumentong ipapasa

① Application form at ID para sa iksamen, ② Ulat ng dahilang nais pumasok (Ang aplikante mismo ang dapat sumulat.)

Created by DocuFreezer | www.DocuFreezer.com

③ Sulat ng Rekomendasyon (ginawa ng punong guro ng elementary school at dapat nakasara ang sobre nang husto.)
④ Bayad para sa iksamen: 2,200 yen
⑤ Kopya ng rehistro ng residente, 'jumin kihon daicho' (o kasulatan ng residente, 'jumin hyo') (Ang mga aplikante sa "grupo ①" lamang ang kailangang magpasa.)
*Ang mga aplikanteng hindi maaaring magpasa nito dahil nakatira pa sa ibang bansa atbp ay kailangang magpasa ng dokumentong nagpapatunay ng pagkakaroon ng nasyunalidad ng ibang bansa. (tulad ng kopya ng pasaporte atbp.)
⑥ Sertipiko ng Pagtira sa Ibang Bansa (Ang mga aplikante sa "grupo ②" lamang ang kailangang magpasa.)
⑦ Kung ang 'koh ken nin' (tagapag-alaga) ay magulang/guardian ng aplikante, ang punong guro ng elementary school ay kailangang magpasa ang sulat na tumiyak nito.
⑧ Ulat ng Pahintulot Upang Mag-aaply *Ang mga aplikanteng mag-aapply mula sa labas ng Hyogo Prefecture (kasama ang galing sa ibang bansa) lamang ang kailangang magpasa.

(3) Pagbibigay ng ID para sa iksamen
Ibibigay ang ID para sa iksamen pagkatapos matanggap ang mga dokumento.

(4) Application mula sa labas ng Hyogo Prefecture (kasama ang galing sa ibang bansa)
Kung mag-aaplay mula sa labas ng Hyogo Prefecture at lilipat sa loob ng Hyogo Prefecture bago Abril 7, 2021 (Miyerkoles), o kaya nakatira sa Hyogo Prefecture ngunit mag-aapply mula sa elementary na nasa labas ng prefecture, kailangang humiling ng pahintulot upang mag-apply (approval for application) sa paaralang ito mula Enero 5, 2021 (Martes) hanggang Enero 8, 2020 (Biyernes), 9:00 – 16:30, at kailangang matanggap ang pahintulot mula sa punong guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School. Ukol sa mga dokumentong kailangan atbp, magtanong muna sa punong-guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School kung ano ang kailangan. Huwag ipadala ang mga dokumentong ito sa koreo.
Ipasa ang ulat ng pahintulot upang mag-aapply (approval for application) na ibinigay sa paraang ito kasama ang application form.

6. Panayam at sanaysay
(1) Lugar
Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School
(Ashiya-shi Niihama-cho 1-2, 900m patungong timog mula sa istasyon ng tren na Hanshin "Uchide")
(2) Araw ng iksamen
Pebrero 6, 2021 (Sabado)
(3) Isasagawang mga bagay sa araw ng iksamen
Sanaysay (essay) at sariling panayam (interview)
(4) Schedule sa araw ng iksamen:
9:40 – 10:10 Pagtanggap (Reception)
10:20 – 10:50 Paliwanag
11:00 – 12:00 Sanaysay (Essay)
(Tanghalian)
13:00 – Panayam (Interview)
(5) Mga kailangang dalhin sa araw ng iksamen
・ID para sa iksamen ・Lapis ・Pambura (Eraser) ・Tanghaliang baon

7. Pagpapahayag ng resulta at palabunutan (open draw)
(1) Pagpapahayag ng resulta
Ipapaalam ang mga nakapasa mula 12:00 ng Pebrero 11, 2021 (Huwebes) sa Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School.
(2) Pagpapahayag ng resulta sa sulat
Ipapaalam ang resulta sa punong guro ng elementary school at sa nakapasa mismo pagkatapos ng Pebrero 11, 2021 (Huwebes).

8. Ang mga dapat gawain ng mga nakapasa
(1) Pagpapasa ng "Ulat ng Pagpapatunay ng Kapasiyahang Pumasok"
Ipapasa ng magulang/guardian ng nakapasa ang "Ulat ng Pagpapatunay ng Kapasiyahang Pumasok" sa punong guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School mula Pebrero 20, 2021 (Sabado) hanggang Pebrero 25, 2021 (Huwebes) sa loob ng oras 9:00 ~ 16:30 (maliban sa ika-21 at 23). Bibigyan kayo ng "Sertipiko ng Mag-aaral na Papasok".
(2) Pagpapaalam sa Board of Education atbp.
Pagtanggap ng "Sertipiko ng Mag-aaral na Papasok", ipaalam agad ng magulang/guardian sa Board of Education atbp ng pook na tinitirahan na hindi papasok ang mag-aaral sa junior high school ng pook na tinitirahan.
(3) Pagtanggi ng pagpasok
Kung hindi itutuloy ang pagpasok dahil sa di-maiwasang dahilan, halimbawa dahil sa paglipat ng trabaho ng magulang/guardian, magpasa agad ang magulang/guardian ng "Ulat ng Pagtanggi ng Pagpasok" (kahit anong porma) sa punong guro ng Hyogo Prefectural Ashiya International Se magulang/guardian condary School.

9. Mapagtatanungan:
Hyogo Prefectural Ashiya International Secondary School
〒659-0031 Hyogo-ken Ashiya-shi Niihama-cho 1-2 Tel 0797-38-2293